**Advisory Blg. 041, s. 2021**
**Marso 2, 2021**

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Bisitahin ang deped.in/ro8issuances)

**PANAWAGAN SA PAGSUMITE NG MGA PAPEL PARA SA JOURNAL NA PANDIWA 2021**

Tumatanggap ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ng mga papel para sa Pandiwa. Ang Pandiwa ay journal sa Filipino na nagtatampok ng mga pag-aaral at saliksik hinggil sa panitikan, wika, at kultura ng bansa. Mayo 31, 2021 ang huling araw ng pagsumite ng papel sa kwf.ssg@gmail.com.

Sumangguni sa kalakip na poster at tuntunin para sa karagdagang impormasyon.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pambubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Dahil sa ito ay isa lamang Advisory, ang lahat ng Pansangay na Tagapamanihala ay binibigyang kalayaan na magbigay ng karampatang pagdedesisyon ukol dito.

CLMD-TCPJ
DepEd RO8 ATA-**F21** (CY2018-v03-r00)

DEPARTMENT OF EDUCATION
REGION VIII, EASTERN VISAYAS
RELEASED
3-4-2021 11:50 a.m.
Date / Tracking No.
Signature

# Panawagan sa mga Papel

# PANDIWA

## Journal ng Komisyon sa Wikang Filipino

### Pag-aaral sa mga katutubong wika na maaaring nakatuon sa:

- ponolohiya
- morpolohiya
- sintaks
- gramatika
- leksikograpiya
- diyalektolohiya
- edukasyong pangwika
- diyakronikong lingguwistika
- nanganganib na wika (language endangerment)
- pagpapasigla ng wika (language revitalization)
- buháy na dúnong (intangible cultural heritage)

**31 MAYO 2021**
huling araw ng pagsusumite.

Mag-email sa **kwf.ssg@gmail.com.**

Date and Time Received
Date and Time Released
18 FEB 2021
02/17/21 # 0974
Date / Tracking No.
11:00 am
Signature

**Panawagan sa Pagsusumite ng mga Papel para sa journal na Pandiwa 2021**

Tumatanggap ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ng mga papel para sa Pandiwa. Ang Pandiwa ay journal sa Filipino na inilalathala ng KWF. Nagtatampok ito ng mga pag-aaral at saliksik hinggil sa panitikan, wika, at kultura ng bansa.

Para sa edisyong 2021, itatampok ang mga pag-aaral sa mga katutubong wika ng ating bansa na maaaring nakatuon sa:

- ponolohiya
- morpolohiya
- sintaks
- gramatika
- leksikograpiya
- diyalektolohiya
- edukasyong pangwika
- diyakronikong lingguwistika
- nanganganib na wika (language endangerment)
- pagpapasigla ng wika (language revitalization)
- buháy na dúnong (intangible cultural heritage)

Sa 31 MAYO 2021 ang huling araw ng pagsusumite ng papel.

Narito ang kabuoang tuntunin:

1. Kailangang orihinal at hindi pa nailalathala o naisumite para sa konsiderasyon ng ibang publikasyon o journal ang papel, elektroniko man o limbag na anyo.

2. May nakalakip na abstrak na hindi lalagpas sa 250 salita.

3. Narito ang format para sa isusumiteng artikulo:
   - Naka-encode o kompiyuterisado sa A4 bond paper
   - 1 inch margin sa lahat ng gilid
   - double space
   - Times New Roman, 12 font size

4. Ang dokumentasyon ay nakaayon sa format ng KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat.

5. Maaaring lakipan ng biswal na materyal (may kulay o black and white) gaya ng orihinal na larawan, ilustrasyon, graph, matrix, mapa, at iba pa. Tungkulin ng awtor na kumuha ng permiso sa anumang materyal na may karapatang-ari.

6. Isumite ang papel sa kwf.ssg@gmail.com.
Maglakip rin ng maikling talâ sa sarili na naglalaman ng: pangalan, paaralang pinagtuturuan o institusyong pinagtatrabahuhan, organisasyong kinabibilangan, kasalukuyang posisyon/ranggo

(sa organisasyon, institusyon/paaralan), digri, kinabibilangang larang, espesyalisasyon, pinakabagong publikasyon, pananaliksik, at iba pang mahalagang impormasyon.

7. Ang ipapasang mga lahok ay sasailalim sa proseso ng refereeing.

8. Makatatanggap ng liham kung natanggap o hindi natanggap ang inyong papel.
Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay Gng. Evelyn E. Pateño sa 0906-278-4713 o 0951-787-1050, o mag-email sa kwf.ssg@gmail.com.